

Alamin sa pamamagitan ng Man-ga

TANABATA

— Kahilingan sa isang pirasong papel —



Ang Tanabata (ika-7 ng Hulyo) ay ang araw kung kailan maaaring tumawid sina Prinsesa Orihime at Prinsesa Hikoboshi sa Milky Way at magkita isang beses sa isang taon. Isulat natin ang ating mga kahilingan sa mga piraso ng papel at palamutihan natin ang mga bamboo branches.

Ang "Tomo" ay naglalathala at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa paninirahan sa Japan at mga puntos para sa pag-aaral ng Japanese na may furigana at nasa siyam na wika (Vietnamese, Chinese, Pilipino, Indonesian, Thai, Cambodian, Myanmar, Mongol, at English). Ang bersyon ng Japanese ay ihahatid bilang isang leaflet, at ang bersyon ng wikang banyaga ay maaaring tingnan sa format na PDF mula sa website ng JITCO sa inyong smartphone. Mangyaring gamitin ito. (<https://www.jitco.or.jp/ja/tomo/>)



Maraming kawili-wiling ekspresyon!

Alamin natin ang オノマトペ

クイズ

雨のオノマトペ

Q1

あめ 雨が ○○○○ ふ 降っている



Q2

あめ 雨が ○○○○ ふ 降っている



Q3

あめ 雨が ○○○○ ふ 降っている



えら ABC からそれぞれ選んでね!

A しとしと **B** ざあざあ **C** ぽつぽつ



Ang Onomatope tulad ng "niko niko warau", "yuka ga tsuru tsuru suberu", ay koleksyon ng mga salitang madalas ginagamit sa pang-araw-araw. Ang mga onomatope ay gitai-go (mga salita na nagpapahayag ng kalagayan ng isang bagay), onomatope na gion-go (mga salitang nagpapahayag ng tunog), at onomatope na gisei-go (mga salitang nagpapahayag ng boses ng tao o hayop).

Ang wikang Hapon ay isang wika na sinasabing may partikular na malaking bilang ng mga onomatope, at para sa inyo na nag-aaral ng wikang Hapon, maaaring mahirap unawain ang kahulugan kapag lumalabas ang mga ito sa mga usapan.

Ang onomatope na lumabas sa quiz na 「雨」 ay nagpapahayag ng onomatope tulad ng 「ざあざあ」 「しと

しと」 「ぽつぽつ」 at mayroon pang iba tulad ng 「ばらばら」 「しょしょしょ」 at 「ざんざん」. Mayroon ding onomatope na nagpapahayag ng sakit na nararamdaman tulad ng 「きりきり」 「ずきずき」 「びりびり」 「じんじん」 「ずきんずきん」 「ちくちく」 at 「がんがん」.

Kung maipapaliwanag mo ang sitwasyon ng sakit na nararamdaman mo sa pamamagitan ng paggamit ng onomatope, mas madali mong maipaliliwanag sa kausap mo ang iyong nararamdaman. Kung mas naiintindihan mo ang onomatope, magiging mas mayaman at malawak ang iyong mga expression at magiging mas maayos ang iyong mga pag-uusap. Tayo ay matuwa at mag-aral ng onomatope.

Marami pang iba! Onomatope

I-check natin ang website ng National Institute for Japanese Language and Linguistics (NINJAL) at nagpapakilala sila ng onomatope ayon sa pantig (syllabary) at kategorya.

<https://www2.ninjal.ac.jp/>

[Onomatope/index.html](https://www2.ninjal.ac.jp/Onomatope/index.html)



Matuto tayo na gamit ang mga teaching materials

Ang JITCO ay nagbebenta ng iba't ibang "materials para sa pag-aaral ng Japanese". Mayroon ding mga textbooks na nag-focus sa mga usapan na pangkaraniwang ginagamit sa mga technical training sites. Bukod sa libro, mayroon din silang CD, DVD, at e-learning materials.

I-check po natin ito.

Teaching materials online shop

<https://onlineshop.jitco.or.jp/>

e-learning

<https://www.jitco.or.jp/ja/service/learning.html>



! Mag-ingat tayo sa heatstroke!

Ano ang heatstroke?

Ang "heatstroke" ay isang sakit na nangyayari kapag ang balanse ng tubig at asin sa katawan ay nasira sa mataas na temperatura at halumigmig. Kailangan mong maging maingat lalo na sa mga araw na bigla umiinit o kapag ginagalaw mo ang iyong katawan at nabigla sa isang mainit na kapaligiran, dahil maraming tao ang hindi makontrol nang maayos ang temperatura ng kanilang katawan at nagco-collapse mula sa heatstroke.

Para maiwasan ang heatstroke

- Gumamit ng air conditioner o bentilador upang mapanatiling malamig sa loob ng bahay. Epektibo rin na harangan ang init sa pamamagitan ng mga kurtina.
- Kapag nasa labas, magbihis nang preskong damit



Mga pangunahing sintomas ng heatstroke

Sintomas na mild	☒ nahihilo ☒ pagkahilo sa biglang pagtayo ☒ pananakit ng kalamnan ☒ walang tigil na pagpapawis
Moderate disease	☒ pananakit ng ulo ☒ pagduduwal ☒ pagkatamlay ng katawan (pagod) ☒ walang lakas (panghihina ng katawan)
Malubhang kondisyon	☒ pagkawala ng malay ☒ kombulsyon ☒ mataas na temperatura ng katawan ☒ hindi makalagak ng derecho ☒ hindi makausap ng maayos

* 環境省 熱中症～ご存じですか？予防・対策法～リーフレットより抜粋し、JITCO が作成

hangga't maaari at gumamit ng uv cut na payong o sombrero upang protektahan ang iyong sarili mula sa malakas na sinag ng araw.

- Siguraduhin ang intake ng tubig at asin. Bago makaramdam ng uhaw, siguraduhing uminom ng tubig.

Ano ang dapat gawin kung magkaroon ng heatstroke?

Kung makaranas ka ng mga sintomas ng heatstroke, lumipat sa isang malamig na lugar at luwagan ang mga damit upang mapreskuhan ang katawan. Maglagay ng mga fluid, asin, at oral rehydration solution (isang inumin na naglalaman ng asin at glucose na natunaw sa tubig, na mabibili sa mga tindahan ng gamot, atbp.). Kung hindi kayang uminom ng tubig mag-isa o nawalan ng malay, tumawag ng ambulansya o pumunta kaagad sa ospital.

Warning alert sa heatstroke

Ang mga anunsyo ay ginagawa sa bawat prefecture sa gabi o sa umaga ng mismong araw kung saan ang panganib ng heatstroke ay inaasahang napakataas. Ipapalaganap ang impormasyon para sa pag-iwas sa kalamidad sa pamamagitan ng telebisyon, radio at SNS. Kapag may inihayag na alerto sa babala ng heatstroke, mag-ingat at huwag lumabas hangga't maaari.

Maaari mong i-check ang "heat index"

na nagpapahiwatig ng panganib ng heatstroke.


<https://www.wbgt.env.go.jp/>


かんきょうしょう ねっちゅうしょう よぼうじょうほう
環境省 熱中症予防情報サイト



Kokugo no mori

Ito ay isang materyal sa pagtuturo para sa pag-aaral at kung paano gamitin ang mga salitang Hapon at kanji. Magsaya habang nag-iisip ng mga sagot. (nasa sumusunod na pahina ang mga sagot)





Hihintayin namin ang inyong aplikasyon



(<https://www.jitco.or.jp/ja/days/>)

Kapag namroblema...? (<https://www.otit.go.jp/notebook/>)

[illegible]

とも

2024年7月1日発行

公益財団法人 国際人材協力機構 (JITCO)

108-0023

五十嵐ビルディング

電話

IITCO ホームページ

<https://www.jitco.or.jp/>